

*Paggunita kay Santa Felicitas, Virgen at Martir:*

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

VOTA pópuli tui, Dómine, propitiátus inténde: et, cuius nos tribuis sollémnia celebráre, fac gaudére suffrágiis. Per Dóminum.

**MATANG-MAHABAGIN** mo, O Panginoon, at kalugdan ang mga panalangin ng iyong bayan, at hayaan mong magdiwang kaming palagian sa Banal mo na maringal naming ipinagpipista. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**ANTIPONA SA KOMUNYON • Mt 13:16**

TU es Petrus, et super hanc petram aedificabo ecclesiam meam.

**IKAW** ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito'y itatayo ko ang aking Simbahan.

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

REFECTIONE sancta enutritam gubérna, quásumus Dómine, tuam placátus EccléSIAM: ut poténti moderatióne dirécta, et increménta libertátis accípiat et in religiónis integritáte persístat. Per Dominum.

**KAMING** binusog Mo ng makalangit na pagkai'y dumudulog sa Iyo ngayon Panginoon, upang gabayan ang iyong Simbahan: upang sa bisa ng Iyong pagpapatnubay, umunlad sana ang kaniyang kalayaan at palagiang manalig sa pananampalatayang dalisay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Paggunita kay Santa Felicitas, Virgen at Martir:*

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

SÚPPLICES te rogámus, omnípotens Deus: ut, intercedéntibus Sanctis tuis, et tua in nobis dona múltiples, et témpora nostra dispónas. Per Dóminum.

**PAKUMBABA** kaming dumudulog sa iyo, O Dios na makapangyarihan, at pakundangan sa iyong mga Banal, paramihin Mo sa amin ang iyong mga biyaya at ikaw nawa ang manguna't gumabay sa buo naming buhay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**  
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Nobyembre 23*

**SAN CLEMENTE I,**  
**Papa at Martir**

Santa Felicitas, Virgen at Martir

*Misa "Dicit Dominus, Sermones mei"*

*III cl. • Doble • Puti*

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is 59:21; 56:7**

**DICIT** Dóminus: Sermónes mei, quos dedi in os tuum, non defícient de ore tuo: et múnera tua accépta erunt super altáre meum. — *Ps 111:1* Beátus vir, qui timet Dóminum: in mandátis eius cupit nimis. *V.* Gloria Patri. Dicit Dominus.

**SABI** ng Panginoon: ang Aking Espiritu na nasa iyo at ang aking mga salita na inilagay ko sa iyong bibig, ay hindi hihiwalay sa iyong bibig, at ang iyong mga alay ay tatanggapin sa aking dambana. — *Salmo 111:1* Huwag kang mabalisa dahil sa masama; huwag mong kainggitan ang kanilang kabuktutan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Sabi ng Panginoon.

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**GREGEM** tuum, Pastor aeterne, placatus intende: et per beatum Cleméntem Mártyrem tuum atque Summum Pontíficem, perpetua protectione custodi; quem totius Ecclesiae praestitisti esse pastorem. Per Dominum.

**PASTOL** na walang hanggan, tunguhan Mong malugod ang Iyong kawan: umaasa kaming ito'y kakalingain at ipagsanggalang kailanman pakundangan kay San Clemente na iyong Santo Papa at Martir, yayamang siya'y hinirang mo upang maging pastol sa buo Mong Simbahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Paggunita kay Santa Felicitas, Virgen at Martir:*

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**PRÆSTA,** quásumus, omnípotens Deus: ut, beáta Felicitátis Martyris tuæ sollémnia recenséntes, méritis ipsíus protegámur et précibus. Per Dóminum.

**ISINASAMO** namin, O Dios na makapangyarihan, upang kaming ipinagpipista si San Felicitas na iyong Martir, nawa'y maiadya kami sa kasamaan pakundangan sa kaniyang panalangin at karapatan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Pagbasa mula Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos.

**M**GA KAPATID: Magkaisa kayong tumulad sa halimbawang ipinakita ko sa inyo. Pag-ukulan din ninyo ng pansin ang lahat ng sumusunod sa aming halimbawa. Sapagkat tulad ng madalas kong sinasabi sa inyo noon at ngayo'y luhaang inuulit ko, marami ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Cristo. Kapahamakan ang kahihinatnan nila sapagkat ang dinidiyos nila ay ang hilig ng kanilang katawan. Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya, at wala silang iniisip kundi ang mga bagay na may kinalaman sa mundong ito. Subalit sa kabilang dako, tayo ay mga mamamayan ng langit. Mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Jesu-Cristo, ang ating Tagapagligtas. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay, ang ating katawang may kahinaan ay babaguhin niya upang maging katulad ng kanyang katawang maluwalhati. Kaya nga, mga kapatid kong minamahal at pinananabikan, aking kagalakan at karangalan, sa ganitong paraan ay magpakatatag kayo sa inyong pamumuhay na nakaugnay sa Panginoon. Nakikiusap ako kina Euodia at Sintique na sila'y magkasundo na bilang magkapatid sa Panginoon. Ipinapakiusap ko rin naman sa iyo, tapat kong katuwang, tulungan mo ang dalawang babaing ito. Sila man ay kasama kong nagpagal sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo, kasama si Clemente at ang iba pang kamanggagawa ko. Ang mga pangalan nila'y nakasulat sa aklat ng buhay. — *R. Salamat sa Dios.*

**PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 106:32, 31; Mt 16:18**

**EXALTENT** eum in Ecclésia plebis: et in cáthedra seniórum laudent eum.

*V.* Confiteántur Dómino misericórdiæ ejus; et mirabilia ejus filiis hóminum.

**Alleluia, alleluia.** *V.* Tu es Petrus, et super hanc petram aedificabo ecclesiam meam. **Alleluia, alleluia.**

**IHAHAYAG** kita sa gitna ng iyong natitipong bayan sa Simbahan, at pupurihin kita sa harapan ng mga matatanda ng bayan.

*V.* Ipagbubunyi ko ang habag ng Poong Diyos, at ang kaniyang mga kahanga-hangang gawa sa anak ng mga tao!

**Aleluya, aleluya.** *V.* Ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito'y itatayo ko ang aking Simbahan. **Aleluya, aleluya.**

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**N**OONG PANAHONG IYON: Dumating si Jesus sa bayan ng Cesarea ng Filipos, tinanong niya ang kanyang mga alagad, “Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?” At sumagot sila, “Ang sabi po ng ilan, kayo si Juan na Tagapagbautismo. Sabi po naman ng iba, kayo si Elias. At may nagsasabi pong kayo si Jeremias, o isa sa mga propeta.” Tinanong ulit sila ni Jesus, “Ngunit para sa inyo, sino ako?” Sumagot si Simon Pedro, “Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buháy.” Sinabi sa kanya ni Jesus, “Pinagpala ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito'y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Ama na nasa langit. At sinasabi ko sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking Iglesia at ang kapangyarihan ng kamatayan ay hindi magtatagumpay laban sa kanya. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit. Ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot din sa langit.” — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

**ANTIPONA SA PAG-AALAY • Jer 1:9-10**

**ECCE** dedi verba mea in ore tuo: ecce constítui te super gentes et super regna, ut evéllas et déstruas, et ædífices et plantas.

**NARITO**, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig. Tingnan mo, inilagay kita sa ibabaw ng mga bansa at ng mga kaharian, upang pumuksa at magwasak, upang magtayo at magtanim.

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

**OBLATIS** munéribus, quæsumus, Dómine, Ecclésiám tuam benígnus illúmina: ut, et gregis tui proficiat ubíque succésus, et grati fiant nómini tuo, te gubernánte, pastóres. Per Dóminum.

**YAMANG** inialay namin ang mga kaloob na ito, hinihiling namin, Panginoon, upang masintahing liwanagan ang Iyong Simbahan, nang sa gayo'y umunlad ang Iyong kawan sa lahat ng dako, at sa ilalim ng Iyong pagkakandili, ang mga itinalaga Mong mangasiwa'y maging kalugod-lugod sa Iyong Ngalan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...